

Tungkol sa medical consultation ng mga dayuhang pasyente

Para sa lahat ng mga dayuhang pasyente,

Mahirap ipagkaloob ang ligtas na medical service kung hindi maitatag ang komunikasyon sa wikang Hapon sa pagitan ng mga dayuhang pasyente at health care personnel. Sa oras na mapagpasiyahan ng health care personnel na nahihirapan ang isang dayuhan sa pakikipag-usap sa wikang Hapon, maaaring gawin ng pagamutang ito ang pagkuha ng isang medical interpreter. Tandaan po lamang na kailangang bayaran mismo ng pasyente ang gastos o singil sa pagsasalin ng wika sang-ayon sa listahang nasa ibaba.

| Klasipikasyon | Singil (kalakip ang consumption tax) |
|--------------------------|---|
| Telephone Interpretation | 5,500 yen bawat 1 kaso |
| Attended Interpretation | Mula 26,400 yen sa loob ng 4 oras Mula 6,600 yen bawat 1 oras pag-abot ng 4 oras at higit pa |

*Bagama't karaniwang isinasagawa ang serbisyo sa pamamagitan ng telephone interpretation, depende sa sitwasyon ay maaaring ipadala ang isang interpreter para sa attended interpretation sa kinaroroonan ng pasyente sa kaso na kung saan pangmatagalan ang paglagi ng pasyente sa ospital at iba pa.

Sa mga dayuhang pasyente na walang hawak na public health insurance card ng Japan,

Mula noong Mayo 1, 2018 sa pagamutang ito, ang kalkulasyon para sa insurance medical fee points ay itinakda sa 20 yen bawat isang point sa medical exam fee para sa mga taong walang Japanese nationality o mga dayuhang pasyente na walang hawak na balidong public health insurance sa loob ng bansa (may consumption tax na bukod na ipapataw sa medical exam fee). Bukod pa rito, magkakaroon ng bukod na gastos para sa paggamit ng special private rooms sa panahon ng paglagi sa ospital, document fees at iba pa.

[Kung ang pakay ng pagpunta sa pagamutan ay para sa medical tourism]

Upang maipagkaloob ang matiwasay, ligtas at seguradong serbisyo sa pagpapagamot para sa mga dayuhang pasyente, ang pagamutang ito ay gumawa ng isang partnership agreement sa Emergency Japan Assistance Co. Ltd. (na tatawagin sa pangalang EAJ sa ibaba) na magsisilbi bilang coordinator. Kung nais ng isang dayuhan na magpatingin sa isang doktor, bilang patakaran ay dadaan muna ito sa EAJ para gawin ang nararapat na mga pamamaraan. Kaya hinihikayat ang mga nais magpatingin o kumunsulta na sumangguni nang direkta sa EAJ.

*Hindi nasasakop ang emergency medical consultation pagkatapos dumating sa Japan.

Inaasahan ang pag-unawa at kooperasyon ng lahat upang maipatupad ang mabisa at ligtas na pagpapagamot.

Emergency Japan Assistance Co. Ltd.

- Telepono: +81-3-3811-8600 *Suportadong wika: wikang Hapon, Ingles, Russian, Intsek
- Wikang ginagamit para sa interpreter dispatch:
Wikang Hapon, Ingles, Russian, Intsek, Koreano, Arabian, Thai, Italyano, Indonesian, Bengali at iba pa
*Sumangguni sa tanggapan para sa impormasyon ukol sa iba pang wika.
- Email: mj-info@emergency.co.jp
*Pakigamit ang email address na ito para sa aplikasyon at mga katanungan.
- Coordination service ng EAJ:
 - Medical Visa guarantee service
 - Proxy payment para sa gastos sa pagpapagamot
 - Medical Interpretation, translation
 - Paghahanda sa pook na matutuluyan, transportasyon
 - 24-Hour Telephone Hotline at iba pa